OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD
RECEIVED
06/07/2021
3:02 pm.
BULACAN

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos

Rans 2083-2021
April 13, 2021 10:30 am

#431

# TANGGAPAN NG PUNONG LUNGSOD

**ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 14**
**Serye 2021**

**PAGTATAKDA NG MGA PANUNTUNANG IPATUTUPAD SA LUNGSOD NG MALOLOS HABANG NAKATINDIG ANG KLASIPIKASYONG PANGKUWARENTINANG MODIFIED ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE.**

**SAPAGKAT,** sa pamamagitan ng isang *press-briefing* na ginanap noong ika-11 ng Abril, 2021 ay ipinabatid ng kinatawan ng Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas na ang Resolution No. 109-A ng *Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF)* ay inaprubahan ng Pangulo ng Pilipinas;

**SAPAGKAT,** itinatadhana sa ilalim ng nabanggit na Resolution No. 109-A ng IATF ang pagsasailalim sa Lalawigan ng Bulacan sa klasipikasyong pangkuwarentinang *Modified Enhanced Community Quarantine* (MECQ) mula ika-12 ng Abril, 2021 hanggang sa ika-30 ng Abril, 2021;

**SAPAGKAT**, alinsunod sa Seksyon 455 (2) (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Punong Lungsod bilang Punong Tagapagpaganap ng pamahalaang lungsod ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

**NGAYON, SAMAKATUWID, ako, si INH. GILBERT T. GATCHALIAN**, Punong Lungsod ng Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng mga umiiral na batas, tungo sa nararapat na pagtalima sa *Omnibus Guidelines on the Implementation of Community Quarantine in the Philippines (Omnibus Guidelines)* na may petsa na ika-3 ng Abril, 2021, ay ipinag-uutos ang mga sumusunod:

**SEKSYON I. PANANATILI SA LOOB NG BAHAY SA LAHAT NG PANAHON.** Alinsunod sa Seksyon 3 Bilang 2 ng Omnibus Guidelines, ipatutupad ang mahigpit na pananatili sa loob ng bahay ng publiko habang ang Lungsod ay nasa ilalim ng MECQ liban na laman kung ang dahilan ng paglabas ng bahay ay ang pagbili ng pagkain at pangunahing pangagailangan (essential goods) o services; at ang pagtupad sa mga gampaning hinihingi ng hanapbuhay.

**SEKSYON II. PAHINTULOT NA LUMABAS NG BAHAY.** Hindi maaaring lumabas ng bahay ang mga may edad na 17 pababa at 66 pataas, kasama ng mga indibidwal na may isyung pangkalusugan, at ng mga buntis, liban na lamang kung sila ay tutugon sa gampanin ng kanilang hanapbuhay, o kung wala silang kasama sa bahay na nasa pagitan ng edad 18 at 65 na

Ikalawang Palapag ng Gusali ng Pamahalaang Lungsod
Barangay Bulihan, Lungsod ng Malolos 3000
Telephone No.: **0965-768-9338 / 0928-226-9755**
Email: mayorbebonggatchalian@gmail.com

may kakayanang bumili ng *essential goods* and *services.*

**SEKSYON III. CURFEW.** Liban sa mga APOR, mga manggagawa, mga pumapasada ng ng pampublikong transportasyon, at mga *cargo vehicles*, ipinagbabawal ang paglabas ng bahay mula 8PM hanggang 5AM alinsunod sa curfew hours na ipinatutupad ng Pamahalaang Panlalawigan.

**SEKSYON IV. IPINAGBABAWAL ANG ANUMANG PAGTITIPON O *MASS GATHERING.*** Alinsunod sa Seksyon 3 Bilang 10 ng Omnibus Guidelines, anumang pangangapitbahay at anumang pagtitipon sa labas ng bahay ay ipinagbabawal. Tanging ang mga sumusunod ang pinahihintulutang pagtitipon, sa kondisyong mahigpit na maipatutupad ang mga *Minimum Public Health Standards (MPHS)*:

1. Religious gatherings hanggang sa *30% ng seating capacity*;
2. Pagbuburol at paglilibing ng mga namayapang hindi COVID-19 ang ikinasawi; kung saan tanging mga *immediate family members* lamang ng namayapa ang maaaring magtungo sa lamay at libing. Ang mga namayapa ay nararapat na ilibing matapos ang 3 araw mula sa kanilang pagyao;
3. Paghahatid ng *essential health services*;
4. Pagganap sa mga serbisyong pampubliko ng kawani ng pamahalaan; at
5. Mga gawaing may sapat na pahintulot ng mga ahensiya ng gobyerno.

**SEKSYON V. PAGSUSUOT NG FACE MASKS AT FACE SHIELDS.** Sa lahat ng pagkakataon, ang mga may pahintulot na lumabas ng bahay ay mahigpit na tinatagubilinang magsuot ng *face masks* at *face shields.* Anumang paglabag ay haharap sa kaukulang kaparusahang ipinatutupad na mga umiiral na batas, ordinansa at alituntunin.

**SEKSYON VI. MGA ESTABLISYIMENTO O INDUSTRIYA NA SARADO NGAYONG MECQ.** Alinsunod sa Seksyon 3 Bilang 5 ng Omnibus Guidelines, hindi pinapayagang magbukas ang mga sumusunod:

a. Entertainment venues with live performers such as karaoke bars, bars, clubs, concert halls, theaters, and cinemas;
b. Recreational venues such as internet cafes, billiard halls, amusement arcades, bowling alleys, and similar venues;
c. Amusement parks or theme parks, fairs/peryas, kid amusement industries such as playgrounds, playroom and kiddie rides;
d. Outdoor sports courts or venues for **contact sports**, scrimmages, games, or activities;
e. Indoor sports courts or venues, fitness studios, gyms, spas or other indoor leisure centers or facilities, and swimming pools;
f. Casinos, horse racing, **cockfighting and operation of cockpits, lottery and betting shops**, and other gaming establishments except for the draws conducted by the Philippine Charity Sweepstakes Office;
g. **Indoor visitor or tourist attractions**, libraries, archives, museums, galleries, and cultural shows and exhibits;

h. **Outdoor tourist attractions**;
i. **Venues** for meetings, incentives, conferences, and exhibitions;
j. **Personal care services** which include beauty salons, beauty parlors, medical aesthetic clinics, cosmetic or derma clinics, make-up salons, nail spas, reflexology, aesthetics, wellness and holistic centers, and other similar establishments; acupuncture and electrocautery establishments, and massage therapy including sports therapy establishments. It also includes establishments providing tanning services, body piercings, tattooing and similar services. **Home service for these activities are likewise not permitted**; and
k. **Indoor dine-in** services of food preparation establishments such as commissaries, restaurants, and eateries.

**SEKSYON VII. SUSPENSYON NG FACE-TO-FACE CLASSES / IN-PERSON CLASSES.** Alinsunod sa Seksyon 3 Bilang 11 ng Omnibus Guidelines, suspendido ang lahat ng face-to-face o in-person classes sa ilalim ng MECQ.

**SEKSYON VIII. PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON.** Alinsunod sa pamantayan ng *Department of Transportation*, sumusunod ang mga pamantayang dapat sundin ng mga pumapasadang tsuper sa Lungsod:

1. **Tricycle.** Isang Pasahero lamang ang pinahihintulutang isakay sa anumang pagkakataon. Ang pasahero ay hindi maaaring umupo sa likod ng tsuper.
2. **Jeepney.** Hanggang kalahati lamang ng seating capacity ng sasakyan ang pinahihintulutang maging bilang ng pasahero. Kaunay nito, isang tao lamang ang pinapayagang umupo sa tabi ng tsuper. Hindi pinahihintulutan ang nakasabit o nakatayong pasahero. Mahigpit na iiral ang one-seat apart policy.
3. **UV Express.** Hanggang dalawang tao lamang sa isang hilera ang pinahihintulutang maging pasahero ng mga UV Express. Sa lahat ng panahon, hanggang kalahati lamang ng maximum seating capacity ng UV Express ang maaaring maging lulan ng sasakyan.
4. **Provincial Buses.** Point-to-Point Buses lamang ang pinahihintulutang bumiyahe at tanging mga APOR ang pinahihintulutang maging pasahero ng mga Point-to-Point Buses.

Sa lahat ng pagkakataon, nararapat na ipatupad sa mga pampublikong transportasyon ang mga sumusunod:

1. Pagsusuot ng facemasks at faceshield.
2. No-talking policy. Bawal mag-usap sa loob ng sasakyan at bawal sumagot ng telepono.
3. Bawal kumain.
4. Pagkakaroon ng sapat na labasan at pasukan ng hangin.
5. Pagsasagawa ng palagiang paglilinis ng loob ng sasakyan.
6. Bawal sumakay ang sinumang may sintomas ng COVID-19.

7. Pagpapanatili ng social distancing.

**SEKSYON IX. PAGBABAWAL NG PAG-INOM NG ALAK.** Tahasang ipinagbabawal ang pagkonsumo ng anumang inuming nakalalasing sa loob ng Lungsod ng Malolos.

**SEKSYON X. NO DINE-IN POLICY.** Tanging *delivery at take-out,* lamang ang maaaring maging transaksiyon ng mga *restaurants* at kaparehong establisyimento.

**SEKSYON XI. MAHIGPIT NA PAGRE-REPORT SA MGA BARANGAY OFFICIALS NG LAHAT NG NAGBALIK MULA SA IBANG BANSA, AT NG MGA MALOLENYONG NAGBALIK MULA SA IBANG BAYAN.** Ang lahat ng mga nagbabalik na Malolenyo mula sa ibang bayan at ang lahat ng nagbalik mula sa ibang bansa alinsunod sa *IATF Resolution No. 103*, ay inaatasang magreport sa kanilang mga barangay officials sa loob ng 24 na oras upang masubaybayan ng Barangay Health and Response Team ang kanilang kalalagayang pangkalusugan sa loob ng 14 na araw mula sa kanilang pagdating sa Lungsod ng Malolos. Ang mga Punong Barangay sa pamamagitan ng Tagapangulo ng Komiti ng Kalusugan ng Sangguniang Barangay ay inaatasang pangunahan ang pagpapatupad ng alituntuning ito.

**SEKSYON XII. MAHIGPIT NA PAGTALIMA.** Ang Bantay COVID-19 Special Team na binubuo ng mga kawani at kinatawan ng *City Health Office, City Disaster Risk Reduction and Management Office, City Administrator's Office, Business Permit and Licensing Division, Philippine National Police*, at *Bureau of Fire Protection*, ay patuloy na inaatasang makipagtulungan sa Tanggapan ng mga Punong Barangay tungo sa mahigpit na pagpapatupad ng *Minimum Public Health Standards*, at ng mga nilalaman ng Atas na ito, at iba pang kaugnay na batas at alituntuning inilathala o ilalathala ng Pamahalaang Nasyunal patungkol sa *Community Quarantine*.

**SEKSYON XIII. PAGTUNGO SA PALENGKE O MALOLOS PUBLIC MARKET.** Patuloy na iiral ang *clustering ng mga barangay* sa Malolos Public Market habang ang Lungsod ay nasa ilalim ng MECQ.

**SEKSYON XIV. SUGNAY NG PAGHIHIWALAY.** Kung sakaling ang alinman sa mga sugnay ng Atas na ito ay maipawalang-bisa, mananatiling may bisa ang lahat ng sugnay na maaaring ihiwalay sa sugnay na nawalan ng bisa.

**SEKSYON XV. KABISAAN.** Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay binibigyang kabisaan mula sa araw ng pagkakalagda.

Nilagdaan ngayong ika- 11 ng Abril, 2021. Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan.

**KNH. GILBERT T. GATCHALIAN**
Punong Lungsod